

Cervix Screening – Abnormal Results

Sinasagot ang iyong mga tanong tungkol sa abnormal cervix screening results

Ang abnormal results ay madalas nangyayari at hindi nito ibig sabihin na mayroon kang cancer o pre-cancerous cells.

Ang isang abnormal cervix screening (Pap test) ay nangangahulugan na may nakitang cells sa iyong cervix na hindi mukhang normal.

Bihira para sa isang babaeng may abnormal cervix cancer screening result na magkaroon ng cervical cancer. Gayunman, kapag may nakitang abnormal cells, maaaring kailangan ng karagdagang testing.

Karaniwang mag-isang bumabalik sa normal ang abnormal cells na ito. Pero sa ilang mga kaso, maaaring hindi sila bumalik sa normal nang mag-isa; sa halip ay sila'y nagiging pre-cancerous cells na kailangang tanggalin upang maiwasan ang pagdibelop ng cancer.

Kailangan mong kausapin ang iyong health care provider tungkol sa iyong mga resulta at pangangailangan para sa karagdagang tests o treatment. Mahalagang puntahan mo ang lahat ng mga follow-up appointment.

Ano ang dapat mo malaman



Ang abnormal results ay madalas nangyayari at hindi nito ibig sabihin na mayroon kang cancer.



Mahalaga ang puntahan mo ang lahat ng follow-up appointments para sa test o treatment.



Ang treatment ay simple at talagang mabisa. Ang karamihan ng mga pasyente ay hindi magkakaroon ng mga karagdagang problema.



Kung natuklasan ang cervical cancer nang maaga, ito'y 85% curable.

Ano ang mangyayari pagkatapos ng isang abnormal cervix screening result?

Ito'y depende sa kung anong klaseng cell changes ang mayroon ka:

Banayad na atypical cell changes	Kaunti at grabeng atypical cell changes
<p>Uulitin ng iyong health care provider ang screening makalipas ang 6 na buwan.</p> <p>Ang banayad na cell changes ay karaniwang mag-isang bumabalik sa normal pero kinakailangan ang isa pang screening test upang masigurado ito.</p> <p>Ang cervical cells ay unti-unting nagbabago. Ito ang dahilan kung bakit sinabihan kang maghintay nang 6 na buwan bago ng iyong susunod na cervix screening test.</p>	<p>Irerefer ka ng iyong health care provider sa isang espesyalista para sa isang colposcopy; ito'y isang test na nagpapahintulot sa espesyalista na mas makita ang iyong cervix.</p> <p>Malamang na wala kang cancer, pero ang kaunti at grabeng cell changes ay mas malamang na hindi babalik sa normal nang mag-isa at karaniwang nangangailangan ng treatment.</p>

Ano ba ang colposcopy?

Ang colposcopy ay isang eksaminasyon kung saan ang isang special magnifying instrument na tinatawag na colposcope ay ginagamit upang i-magnify ang iyong cervix para mas mabuti itong makita.

Ang test na ito ay inaabot nang mga 5-10 minuto. Hindi ito nangangailangan ng pagpapa-ospital, freezing, o gamot para sa kirot.

Maaaring may lugar sa iyong cervix na gustong mas makita ng espesyalista. Kung gayon ay kukuha siya ng maliit na sample ng tissue mula sa iyong cervix; ito'y tinatawag na cervical biopsy.

Ang karamihan ng mga pasyente ay nakakaramdam ng parang maliit na kurot lamang kapag kinuha ang sample.

Ano ang mangyayari pagkatapos ng colposcopy?

Kokontakin ka kapag handa na ang biopsy results. Kakausapin ka ng iyong health care provider tungkol sa iyong mga resulta at sasabihin niya sa iyo kung kailangan mo ng treatment upang tanggalin ang abnormal cells.

May ilang mga paraan kung paano ito magagawa. Irerekomenda sa iyo ng iyong health care provider ang treatment na pinakamainam para sa iyo.

Ang treatment ay karaniwang simple at talagang mabisa. Ang karamihan ng mga pasyente ay hindi magkakaroon ng mga karagdagang problema.

Ano ba ang nagdudulot ng abnormal na resulta?

Ang impeksyon, inflammation, o mga pagbabago sa hormone ay maaaring magdulot ng abnormal cervix screening test results. Gayunman, ang karamihan ng abnormal results ay dulot ng isang karaniwang virus na tinatawag na human papillomavirus (HPV).

Ano ang HPV?

Ang HPV ay isang virus na karaniwang nawawala na lamang nang mag-isa nang hindi nagdudulot ng anumang mga problema.

May dalawang grupo ng HPV na maaaring maka-infect sa cervix – ang low risk at high risk. Ang mga low risk ay walang kinalaman sa cervical cancer pero maaaring magdulot ng genital warts at abnormal screening results. Ang pangmatagalang impeksyon na may high risk na HPV ay maaaring mauwi sa cervical cancer o pre-cancerous cells.

Ang HPV ay madalas nangyayari at madaling kumalat sa pamamagitan ng anumang klaseng sexual contact. Kabilang dito ang intimate touching (paghipo), oral, vaginal, at anal sex.

Ang karamihan ng mga tao ay magkaka-HPV sa anumang panahon sa kanilang buhay, at kadalasan ay hindi nila ito nalalaman. Karaniwang tinatangal ng immune system ng katawan ang virus sa loob ng dalawang taon. Pero paminsan-minsan ay hindi nawawala nang mag-isa ang HPV, at sa katagalan ng panahon ay maaari nitong gawing abnormal ang cells ng cervix.

Kontakin Kami

BC Cancer Cervix Screening

801-686 West Broadway

Vancouver, BC V5Z 1G1

Email: screening@bccancer.bc.ca

Web: www.screeningbc.ca/cervix

Ang iyong personal na impormasyon ay kinokolekta at protektado mula sa di-awtorisadong paggamit at disclosure (pagsisiwalat sa iba), alinsunod sa Personal Information Protection Act (Batas Ukol sa Proteksyon ng Personal na Impormasyon) at kapag naaangkop, sa Freedom of Information and Protection of Privacy Act (Batas Ukol sa Kalayaan ng Impormasyon at Proteksyon ng Pagka-pribado). Ang impormasyon na ito ay maaari lamang gamitin at ibunyag sa iba alinsunod sa nakalaan sa mga Batas na iyon, at ito'y gagamitin para mapamahalaan ang quality assurance; ito'y ibubunyag sa healthcare practitioners na nagbibigay ng pangangalaga, o kapag iniutos ito ng batas. Kung may anumang mga katanungan hinggil sa pangongolekta ng BC Cancer ng impormasyon, ipadala ito sa Operations Director, Cancer Screening (address: 801 – 686 West Broadway, Vancouver BC V5Z 1G1, web: www.screeningbc.ca or email: screening@bccancer.bc.ca) Bisitahin ang www.screeningbc.ca upang makuha ang mga bersiyon na isinalin sa ibang mga wika.